## MULA SA EDITOR

Itinatampok sa isyung ito ng Daluyan ang papel na nakabatay sa binasa ni Dr. Gonzalo A. Campoamor sa seryeng "Ang Filipino sa Labas ng Wika" na inorganisa ng Sentro ng Wikang Filipino. Pakay ng seryeng ito na matalakay at masuri ang mga napapanahong usaping may kinalaman sa Wikang Filipino sa liwanag ng interdisiplinaryong analisis. Mainit na isyu sa edukasyon ng Pilipinas ang kasalukuyang atensiyong ibinibigay ng pamahalaan sa wikang Ingles at pagpapatatag dito. Malalimang pagsusuri ang mababasa sa papel ni Campoamor tungkol dito na gumagamit ng pagdalumat ng politikal na ekonomiya na kritikal na sinisipat ang ugnayan ng ideolohiya at ekonomiya. May makabuluhang pag-uugat sa kasaysayan ng imperyalistang edukasyon sa panahon ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas na nagsisilbing konteksto at paliwanag pa rin sa kasalukuyang kalagayan. Sa kasalukuyan, iminamatwid ng manunulat na susing paliwanag ang lakas ng "neoliberal na pinansiyang global" sa nangyayaring pagpapatatag sa Ingles na sa ganang pagsusuri niya ay "nakasasama hindi lamang sa wikang pambansa kundi maging sa pangkalahatang edukasyon sa bansa."

Wikang Filipino ang wikang daluyan ng pag-unlad ng mga pamayanan. Mahahango ito sa pagbasa sa buong librong pumapaksa sa karanasan ng awtor/organisador na si Dr. Angelito G. Manalili sa kaniyang pinakabagong aklat na paksa ng rebyu ni Dr. Jose Medina sa isyu ring ito. Itinatali ang mayamang karanasan ng pag-oorganisa ng pagdalumat na nagmumula sa mga tao at bumabalik sa mga tao ang pag-oorganisa at ang kaakibat nitong kaunlaran sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay sa pamayanan. Bukod sa mayamang kaalaman, may katangi-tanging handog ang papel na ito ni Manalili, na pagtatampok ng Sentro ng Wikang Filipino sa mga saliksik na itinaguyod nito at inilathala. Ito ang pagiging halimbawa ng magandang paghahabi ng mga salita at salaysay ng organisador at taumbayan na lumilikha rin ng pampanitikang kinang nito.

Dalawang sanaysay ang may paksang pampanitikan. Malapitang binasa at ginamitan ng panunuring pampanitikan ni Pauline Mari F. Hernando ang nobelang *Makinilyang Altar* ng premyadong manunulat na si Luna Sicat-Cleto. Mahalagang ambag ang panunuri sa

kasalukuyan na napakalaki ng pangangailangan sa kritisismong pampanitikan, hindi lamang ng nobelang Filipino, kundi ng panitikan ng Pilipinas sa kalakhan. May tatak ng feministang dulog sa panunuri ang sanaysay dahil isinasali na ng nagsusuri ang sarili sa kaniyang paksa sa kaniyang  pagtutok sa "dalumat ng lunggati at pagsupil sa nobela."

Mula sa lokal, lilipat tungo sa paningin sa mundo ang sanaysay ng batikang manunulat, kritiko, at iskolar na si Epifanio San Juan, Jr., partikular sa kritikal na pagpapahalaga niya kay Charles Sanders Peirce,  kilala sa buong mundo na pasimuno ng "pragmaticism." Isinulat ni San Juan ito sa wikang Filipino, na hindi niya karaniwang ginagawa sapagkat sa wikang Ingles siya madalas nagsusulat kung kaya. Maaaring alamin ng mambabasa kung  ang "mapilosopiya," "mateoryang" pagtalakay, gamit ang wikang Filipino ay nagiging mabisang daluyan ng paglilimi't kamalayan. Nag-aambag pa ang sanaysay sa pagpapatuloy ng panunuri sa isang importanteng tulang paksa ng mga nauna nang panunuri, gamit ang "retorikang unibersal" ni Peirce sa paglilinaw ng tatlong antas ng masinsing paghihimay ng teksto. Sa ganitong mga pagkakataon, masasabing buhay na naman ang kritisismo ng  panitikan sa  Pilipinas.

Pagbabalik-tanaw at pagpapahalaga sa kasaysayan ng Sentro ng Wikang Filipino ang interbyu ni Schedar D. Jocson sa dating Tsanselor ng UP Diliman na si Dr. Sergio S. Cao. Naipatupad ang programang *Gawad Saliksik-Wika sa* pagtataguyod ni Dr. Cao at ang mga katwiran at bisyon niya bilang pinuno ang paksa ng interbyung ito. Lampas sa interes ng  Sentro, nagkakaroon ng mas malaking kabuluhan ang interbyu ni Jocson sa konteksto ng kasaysayan ng unibersidad, ngayon ay ipinagmamalaking "pambansang unibersidad" (the National university) na isinasaad sa UP Charter, RA 9500, sa tungkulin nito sa pagpapalaganap at pag-unlad ng wikang pambansa, sang-ayon naman sa Palisi sa Wika ng UP.  Importanteng lingunin ang mga  makabuluhang taguyod ng mga naunang administrador para sa pangkasalukuyan nitong implikasyon. Minabuting ilathala ang bisyon ni Dr. Cao sa kaniyang "Ang Unibersidad ng Pilipinas: Una sa Paglikha ng Karunungan, Una sa Paglilingkod sa Bayan," para sa dokumentasyon at pangkasaysayang kabuluhan nito.

Rosario L. Torres-Yu, Ph.D.
Punong Editor